ANG DIYOS NINA ABRAHAM, ISAAC, AT JACOB

(Biyernes—Unang Sesyon sa Umaga)

Mensahe Apat

Ang Paghahandog kay Isaac at Pagdaranas sa Diyos bilang ang Isa Na Nagbibigay ng Buhay sa mga Patay

Babasahin sa Kasulatan: Gen. 22:1-18; Heb. 11:17-19; Roma 4:17

I. Sinubok ng Diyos si Abraham sa pamamagitan ng pag-uutos sa kanya na kunin ang kanyang kaisa-isang anak, si Isaac, at ihandog siya bilang handog na sinusunog—Gen. 22:1-2:

A. Ang buhay sa Beer-sheba ay nagbubunga ng isang handog na sinusunog (Isaac) na inihahandog sa Diyos:

1. Ang pinagmumulan ng pamumuhay ni Isaac ay nagsanhi sa kanya na maging isang handog na sinusunog, isang inihandog sa Diyos para sa Kanyang kasiyahan—bb. 2, 7-9:
   a. Ang salitang Hebreo para sa *handog na sinusunog* ay literal na nangangahulugang "yaong pumapaitaas" at tumutukoy sa isang bagay na umaakyat sa Diyos—Lev. 1:3, talababa 1.
   b. Ang handog na sinusunog ay sumasagisag kay Kristo hindi pangunahin sa Kanyang pagtubos sa tao mula sa kasalanan kundi sa Kanyang pamumuhay ng isang buhay na sakdal at lubusang para sa Diyos at para sa kasiyahan ng Diyos at sa Kanyang pagiging ang buhay na nagbibigay-kakayahan sa bayan ng Diyos na magkaroon ng gayong pamumuhay—b. 9; Juan 5:19, 30; 6:38; 7:18; 8:29; 14:24; 2 Cor. 5:15; Gal. 2:19-20.
   c. Ang handog na sinusunog ay pagkain ng Diyos upang matamasa ito ng Diyos at masiyahan—Bil. 28:2.
2. Ang wastong buhay-ekklesia ay nagbubunga ng mga handog na sinusunog—Lev. 1:1-2; Roma 12:1-2:
   a. Ang pamumuhay, paglago, at pagtawag sa pangalan ni Jehovah, El Olam, sa Beer-sheba ay pawang para sa pagbubunga ng isang handog na sinusunog—Gen. 21:33; 22:1-2.
   b. Lalo tayong nananatili sa buhay-ekklesia, lalo tayong dadalhin nito mula sa Beer-sheba patungo sa Moriah.

B. Tulad ni Abraham, kailangan nating matutuhan ang aral ng paghahandog pabalik sa Diyos ng kung ano ang ibinigay Niya sa atin—bb. 1-18; Roma 11:36:

1. Ang lahat ng bagay hinggil kay Isaac ay mula sa Diyos at sa pamamagitan ng Diyos, at hiningi ng Diyos na ihandog ni Abraham si Isaac pabalik sa Kanya bilang isang handog na sinusunog—Gen. 22:1-2.
2. Si Isaac, isang sagisag ni Kristo bilang ang ipinangakong binhi (Gal. 3:16), ay ibinigay ng Diyos kay Abraham, ngunit hiniling ng Diyos kay Abraham na ibalik sa Diyos kung ano ang ibinigay sa kanya ng Diyos; tiyak na isa itong pagsubok kay Abraham—Gen. 22:1; Heb. 11:17.
3. Makikita natin dito ang isang pangunahing prinsipyo sa ekonomiya ng Diyos: ang lahat ng ibinigay sa atin ng Diyos, maging kung ano ang Kanyang isinagawa sa loob natin at sa pamamagitan natin, sa kalaunan, ay kailangang ihandog pabalik sa Kanya, upang makapamuhay tayo ng isang buhay ng pananampalataya, hindi

tumatangan sa anumang bagay, maging sa mga bagay na ibinigay ng Diyos, kundi dumedepende lamang sa Kanya.

4. Ang pinakamataas na kahilingan ng Diyos ay ang ibalik sa Kanya kung ano ang ibinigay Niya sa atin.

II. Sa Genesis 22:1-18 ay makikita natin ang pagsunod ni Abraham sa pananampalataya—Heb. 11:17-19:

A. Hindi nagpasimula si Abraham ng anuman o gumawa ng anuman ayon sa kanyang konsepto.

B. Ang pananampalatayang nailalin tungo kay Abraham ay nagdala sa kanya sa Bundok Moriah, na isa pang pangalan para sa Bundok Zion, at nagbigay-kakayahan sa kanya na ihandog si Isaac bilang isang handog na sinusunog—Gen. 22:1-2; 2 Cron. 3:1.

III. Tinawag ni Abraham na Jehovah-jireh ang lugar kung saan niya inihandog si Isaac—Gen. 22:14:

A. Ang Moriah ay nangangahulugang "ang pangitain ni Jah," yaon ay, ang pangitain ni Jehovah; sa Bundok Moriah ay nakita ni Abraham ang Diyos, at nakita siya ng Diyos—b. 2.

B. Ang bersikulo 14b ay maaaring isalin na, "Sa bundok ni Jehovah, iyon ay ihahanda," o "Sa bundok ni Jehovah, Siya ay makikita":

1. Sa Bundok Moriah ay naranasan ni Abraham ang probisyon ng Diyos at natanggap ang isang malinaw na pangitain.
2. Ang probisyon ng Diyos ay kasama ng Kanyang pangitain, kaya't sa tuwing tinatamasa natin ang probisyon ng Diyos, mayroon tayong pangitain kung saan nakikita natin ang Diyos, at nakikita tayo ng Diyos.

C. Ngayon ang probisyon ng Diyos ay nasa buhay-ekklesia, kung saan tayo ay may lubos na probisyon na may malinaw na pangitain.

D. Sa pagbabawi ng Panginoon, tayo ay naglalakbay paakyat sa Bundok Moriah, kung saan natin ihahandog ang ating Isaac, tatamasahin ang probisyon ng Diyos, at magkakaroon ng isang malinaw na malinaw na pangitain.

IV. Pagkatapos maihandog si Isaac, siya ay ibinalik sa pagkabuhay na muli para sa katuparan ng layunin ng Diyos—bb. 16-18; Heb. 11:17-19; Roma 4:17:

A. Sa muling pagtanggap kay Isaac, si Abraham ay nanampalataya at naranasan ang Diyos bilang ang Isa na nagbibigay ng buhay sa mga patay—ang Diyos ng pagkabuhay na muli—Heb. 11:17-19; Roma 4:17; 2 Cor. 1:9.

B. Nang ibinalik si Isaac sa pagkabuhay na muli, hindi na siya isang natural na Isaac kundi isang nabuhay na muling Isaac.

C. Pagkatapos maihandog si Isaac, siya ay ibinalik kay Abraham sa pagkabuhay na muli at naging isang pagpapala—Gen. 22:16-18.

D. Ang lahat ng bagay sa ating buhay ay kailangang dumaan sa sukdulang pagsubok ng kamatayan upang gumawa ng daan para sa Diyos ng pagkabuhay na muli—Juan 11:25; 2 Cor. 1:9.

E. Pagkatapos nating ihandog sa Diyos kung ano ang natanggap natin mula sa Kanya, ibabalik Niya ito sa atin sa pagkabuhay na muli—Heb. 11:17-19:

1. Ang bawat kaloob, espiritwal na pagpapala, gawain, at tagumpay na natanggap natin mula sa Diyos ay kailangang dumaan sa kamatayan at sa kalaunan ay maibalik sa atin sa pagkabuhay na muli.

2. Kung ihahandog natin sa Diyos ang natanggap natin mula sa Kanya at daraan ito sa kamatayan, ibabalik Niya ito sa atin sa pagkabuhay na muli, at ito ay magiging isang pagpapala para sa katuparan ng Kanyang layunin—Gen. 22:16-18.
3. Ang pagpapala ng Diyos ay palaging dumarating sa pagkabuhay na muli; kung ihahandog natin ang ating Isaac sa Diyos at siya ay ibabalik sa atin sa pagkabuhay na muli, mapasasailalim tayo sa pagpapala ng Diyos.

V. Sa pamamagitan ng paghahandog pabalik sa Diyos ni Abraham, si Isaac ay naparami upang maging ang Bagong Herusalem—bb. 16-18; Roma 8:29; Apoc. 21:2, 7:

A. Ang Bagong Herusalem ay magiging ang sukdulang kaganapan ng binhi ni Abraham—ang buhangin at ang mga bituin—Gen. 22:16-18; Roma 8:29; Apoc. 21:2, 7:
1. Sa Bagong Herusalem ang mga kinakatawan ng labindalawang lipi ay ang buhangin, at ang mga kinakatawan ng labindalawang apostol ay ang mga bituin—bb. 12, 14.
2. Ang dalawang bayan na isinasagisag ng buhangin at ng mga bituin ay maitatayong magkasama tungo sa Bagong Herusalem.

B. Sa Genesis 22 ay makikita natin ang isang pangunahing prinsipyo—na ang paraan upang maparami ang kaloob ng Diyos ay ang ihandog pabalik sa Diyos kung ano ang ibinigay Niya sa atin:
1. Ang isang Isaac, na inihandog sa Diyos at ibinalik sa pagkabuhay na muli, ay naging di-mabilang na mga bituin at buhangin.
2. Kung ihahandog natin ang ating isang butil sa Diyos at pahihintulutan Siya na ilagay ito sa kamatayan, ibabalik ito sa atin sa pagkabuhay na muli, at makikita natin ang pagpaparami sa ilalim ng pagpapala ng Diyos—Juan 12:24.

VI. Ang Bundok Moriah, ang lugar na pinili ng Diyos, sa kalaunan ay naging Bundok Zion, ang pagtatayuan ng templo at ang sentro ng mabuting lupain; sa ating espiritwal na karanasan ang Bundok Moriah sa kalaunan ay nagiging Bundok Zion—Gen. 22:2, 14; 2 Cron. 3:1; Heb. 11:17-19; 12:22-23; Apoc. 14:1-5:

A. Si Abraham ang unang sumamba sa Diyos sa pamamagitan ng handog na sinusunog sa Bundok Zion—b. 1.

B. Kalaunan, ang mga inapo ni Abraham, ang mga anak ni Israel, ay inutusan ng Diyos na magtungo nang tatlong beses sa isang taon sa lugar na ito upang sambahin ang Diyos at doon ay ihandog sa Kanya ang kanilang mga handog na sinusunog—Deut. 16:16; Awit 132:13.

C. Ngayon, ang mga espiritwal na inapo ni Abraham, ang mga Bagong Tipang mananampalataya, ay nasa Bundok Zion—Heb. 12:22-23.

D. Sa huli, sasama tayong lahat kay Abraham upang sambahin ang Diyos sa walang hanggang Bundok Zion, ang Bagong Herusalem; ang buong Bagong Herusalem ay ang Zion, ang dakong Banal ng mga Banal, ang lugar kung saan naroroon ang Diyos—Apoc. 14:1-5; 21:22.

E. Ang pagbabawi ng Panginoon ay ang itayo ang Zion—ang realidad ng Katawan ni Kristo na napasusukdol sa Bagong Herusalem—14:1; Efe. 4:16; Apoc. 21:2.

© 2026 Living Stream Ministry